# PERSPECTIVE

## Proteksiyon

WEEK 3

### WARM-UP

- Pangalanan ang kaibigang itinuturing mo bilang isang tapat na kasama.
- Sino ang kinakausap mo sa tuwing kailangan mong maintindihan ang isang bagay?
- Ano ang isang mahirap na bagay na pinagdaanan mo? Paano mo ito nalagpasan?

### WORD

*Kahit dumaan ako sa pinakamadilim na libis, hindi ako matatakot dahil kayo ay aking kasama. Ang dala n'yong pamalo ang sa akin ay nag-iingat; ang inyo namang tungkod ang gumagabay at nagpapagaan sa aking kalooban.* **MGA SALMO 23:4**

Ito ang dakilang pangako sa atin ng Diyos—ang Kanyang proteksiyon. Kahit pa hindi maiiwasan ang mga kaguluhan sa mundong ito, ang ating Pastol ay kasama natin hanggang sa huli. Habang tinitignan natin ang ating mga sitwasyon ayon sa pananaw ng Diyos, makikita natin na hindi lamang Niya tayo tinutulungan na mapagtagumpayan ang mga kahirapan sa mundo, kundi ipinapangako rin Niya sa atin ang yaman na walang hanggan. Paano tayo ginagabayan ng Diyos sa gitna ng mga pagsubok?

- Ang Diyos ay laging nagtuturo sa atin ng mga aral habang hinuhubog Niya tayo upang maging katulad ni Cristo. May mga pagkakataon ba na mas kailangan mo ang Kanyang disiplina kaysa sa Kanyang paggabay? Ipanalangin na buong pagpapakumbaba mong tatanggapin ang Kanyang disiplina at matututunan mo ang itinuturo Niya sa iyo.
- Ano ang ilan sa mga bagay na maaari mong gawin upang hindi ka na magpakahirap ayon sa iyong sariling kakayahan, ngayong alam mo na sa pamamagitan ng kalakasan ng Diyos, darating ang Kanyang kabutihan at awa? Paano mo mahihikayat ang iba na sumunod sa Diyos at hangarin Siya bilang kanilang Pastol sa pamamagitan ng iyong halimbawa?

### PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagsama sa iyo sa lahat ng mabubuti at mahihirap na panahon sa iyong buhay. Pasalamatan Siya sa Kanyang disiplina, proteksiyon, at pangakong buhay na walang hanggan.
- Ipanalangin na marinig mo nang maayos ang tinig ng Diyos at mabigyan ka ng kalakasan na sumunod sa Kanya. Ipanalangin na maliwanag mong makita ang mga pagkakataon na ibinibigay Niya upang maibahagi mo sa iba ang tungkol sa ibinibigay Niyang buhay na walang hanggan.
- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng kakayahan na itigil ang pagpapakahirap para sa pagkamit ng mabubuting bagay sa buhay. Ipanalangin na ipaalala Niya sa iyo na dapat kang mamuhay nang may pananaw na ayon sa buhay na walang hanggan.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

## 1 Ang Diyos ay kasama natin.

*Kahit dumaan ako sa pinakamadilim na libis, hindi ako matatakot dahil kayo ay aking kasama.* **MGA SALMO 23:4**

(Basahin din ang **JUAN 10:27.**)

Noong panahong iyon, dinadala ng mga pastol ang kanilang tupa sa iba't ibang pastulan. Kadalasan ay dumaraan sila sa madidilim at makikipot na mga libis sa pagitan ng mga matataas na bangin na puno ng iba't ibang uri ng panganib gaya ng mga mababangis na hayop. Ang mga lugar na ito ay puno ng kawalan ng katiyakan, panganib, at kamatayan. Subalit inihayag ni David na kasama niya ang Diyos noong siya ay nasa libis, at totoo rin ito para sa atin. Hindi tayo pinapanood ng Diyos mula sa malayong lugar. Kasama natin Siya sa lahat ng pagsubok at pangamba, sa kawalan ng pag-asa, sa labis na kalungkutan, at sa kawalan ng hustisya. Hindi tayo dapat matakot anuman ang ating sitwasyon. Naranasan mo na bang dumaan sa isang "libis"—isang mahirap at madilim na panahon na akala mo ay hindi mo na malalagpasan? Paano ka sinamahan ng Diyos sa panahong ito?

## 2 Binibigyan Niya tayo ng kaginhawaan at kaalaman.

*Ang dala n'yong pamalo ang sa akin ay nag-iingat; ang inyo namang tungkod ang gumagabay at nagpapagaan sa aking kalooban.* **MGA SALMO 23:4**

Ang pamalo at tungkod ng isang pastol ay may iba't ibang gamit. Ang tungkod ay may kawit sa dulo upang mahila ang isang tupa na nahulog sa isang hukay o kaya ay magamit bilang gabay na magpapanatili sa mga tupa sa tamang direksiyon. Ang pamalo ay maaaring gamiting sandata laban sa mga mababangis na hayop, kagamitan sa pagdisiplina ng mga tupa, o kaya ay kagamitan para sa kanilang pagsasanay. Ang pangangalaga ng Diyos ay hindi lamang tumutukoy sa proteksiyon sa oras ng panganib, kundi sa mga aral din na itinuturo Niya at sa pagdidisiplinang ibinibigay Niya upang matuto tayo at maging katulad ni Cristo.

Ang Diyos ay laging may itinuturo sa atin. Ano ang isang aral na itinuro sa iyo ng Diyos sa panahong ito? Paano ka tumutugon sa itinuturo Niya sa iyo?

## 3 Ipinapangako Niya sa atin ang buhay na walang hanggan.

*Tiyak na ang pag-ibig at kabutihan n'yo ay mapapasaakin habang ako'y nabubuhay. At titira ako sa bahay n'yo, Panginoon, magpakailanman.* **MGA SALMO 23:6**

(Basahin din ang **JUAN 10:28.**)

Isa sa mga dakilang pangako na ibinigay ng Diyos sa Kanyang mga anak ay ang buhay na walang hanggan sa piling Niya. Maging ang kamatayan sa lupa ay hindi katumbas ng espirituwal na kamatayan. Mayroon tayong walang hanggang pag-asa sa Panginoon, anuman ang ating sitwasyon. Ang katiyakan *na ang pag-ibig at kabutihan ng Panginoon* ay *mapapasaakin habang ako'y nabubuhay* ay nangangahulugan na hindi natin ito kailangang paghirapan. Nakatitiyak tayo na ang Diyos ay laging kumikilos makita man natin ang ginagawa Niya o hindi. Ibinibigay Niya sa atin ang buhay na walang hanggan. Paano ka natulungan ng kaalamang ito upang magkaroon ng pag-asa, at paano nito binago ang iyong pamumuhay? Ano ang sinasabi sa Juan 10:28 tungkol sa buhay na walang hanggan?

## APPLICATION

- Ibinibigay ng Diyos ang pangakong ganap na proteksiyon: na makakasama natin Siya sa bawat panahon ng kaguluhan, at na wala tayong dapat ikatakot. Panghawakan ang pangakong ito ngayon sa pamamagitan ng pananalangin at paghahayag ng katagumpayan laban sa pangamba at kawalan ng katiyakan.